8. Muling buksan ang usapang pangkapayapaan sa NDF at MILF tungo sa pangmatagalang kapayapaang nakabatay sa katarungan.

9. Itaguyod ang demokratikong karapatan ng mamamayan at bigyang hustisya ang mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao.
   - Itigil ang pagsupil sa karapatan sa malayang pagpapahayag, pagtitipon at asosasyon
   - Itigil ang militarisasyon sa kanayunan
   - Palayain ang mga bilanggong pulitikal
   - Bigyan ng indemnipikasyon ang lahat ng biktima ng paglabag sa karapatang pantao simula sa mga biktima ng diktadurang Marcos
   - Itaguyod ang karapatan ng media at protektahan ang mga mamamahayag at mga nagtataguyod ng karapatang pantao
   - Arestuhin at papanagutin ang mga salarin sa mga pagpatay, pampulitikang panunupil, at iba pang mga kaso
   - Ibasura ang anti-terrorism bill, national ID system at iba pang mapanupil na batas at patakaran

10. Isulong ang makabayan at maka-mamamayang kultura na magpapalaganap ng pambansang pagkakaisa at mga progresibong kaisipan.

11. Itaguyod ang karapatan at kagalingan ng kababaihan sa pamamagitan ng kanilang aktibong paritisipasyon sa transisyunal na konseho. Sikaping maalis ang lahat ng porma ng diskriminasyon sa kababaihan. Protektahan din ang karapatan ng mga bata.

12. Maglinang ng isang maka-mamamayang patakaran sa ekolohiya. Ibasura ang Mining Act at ikansela ang timber licensing agreements. Pagbawalan ang pagpasok ng armas pandigma ng Estados Unidos at igiit ang paglilinis ng *toxic waste* na naiwan sa mga base militar ng Estados Unidos.

MAGING BAHAGI NG KAMPANYA PARA PATALSIKIN SI GLORIA!
LUMAHOK SA GLORIA STEP DOWN! MOVEMENT

Para dagdag na impormasyon, pumunta sa www.bayan.ph or email : gloriastepdownmovt@yahoo.com

TRANSITION COUNCIL:

KAGYAT NA ALTERNATIBA SA REHIMENG ARROYO

Sa gitna ng matinding krisis sa pulitika at ekonomiya, higit na lumalakas ang panawagan ng mamamayan na magbitiw o patalsikin na si Gloria Macapagal-Arroyo.

Maliban sa pagsisinungaling, matinding pandaraya, pagnanakaw sa kabang bayan at paglabag sa karapatang pantao, higit na nalugmok sa matinding kahirapan ang nakararaming mamamayan sa ilalim ng kanyang pamamahala.

Taliwas sa sinasabi ni Arroyo na walang maaaring pumalit sa kanya, isinusulong ngayon ng Gloria Step Down! Movement (GSM) at ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) ang Transition Council bilang makabuluhang alternatibo sa rehimeng Arroyo. Ang Transition Council na ito ay dapat iluwal ng bagong People Power na magpapatalsik sa rehimen.

Bakit kailangang transition council ang pumalit kay Arroyo?

Kapit-tuko sa pwesto si GMA.Pinatay nito ang *impeachment process* at wala rin itong intensyong kusang mag-*resign.*

Ang tanging paraan lamang para mapaalis si Arroyo sa Malakanyang ay sa pamamagitan ng serye ng mga demonstrasyon at aksyon sa lansangan sa buong bansa na rurorok sa mapayapang pag-aalsa ng mamamayan. Matapos nito, inaasahan ang pagbawi ng suporta sa rehimeng Arroyo ng mga makabayang indibidwal sa burukrasyang sibilyan at institusyong militar.

Ngayong pinatay na ang lahat ng paraang konstitusyonal para palitan ang rehimen, hindi na uubra ang *constitutional succession* kung saan ang bise-presidente ang awtomatikong papaplit sa presidente.

Nais ng mamamayan na magkaroon ng makabuluhang pagbabago sakaling maganap ang isa pang people power. Sa pagkakataong ito, dapat magresulta ang people power sa tunay at makabuluhang mga reporma at matiyak ang representasyon ng mga pwersang pulitikal at sosyal, lalo na ang mga api at pinagsasamantalahang sektor, sa bagong gobyerno.

Ang Transition Council ay isang pansamantalang gobyerno na maghahawan ng daan para sa bagong gobyernong ihahalal sa ispesyal na eleksyon.

Bakit hindi si Noli de Castro o Franklin Drilon ang magiging kapalit ni Arroyo? Bakit hindi constitutional succession ang masusunod?

Hindi katanggap-tanggap si Noli de Castro sa mamamayan at sa malapad na hanay na anti-Arroyo. Una, nananatili siyang tagapagtanggol ni Arroyo. Ikalawa, nakinabang siya sa pandaraya ni Arroyo noong nakaraang halalan. Ikatlo, siya ay kilalang malapit sa interes ng ilang mga negosyante. Si de Castro ay dapat ding patalsikin kasabay ng pagpapatalsik kay Arroyo.

Maging si Senate President Franklin Drilon ay hindi karapat-dapat paupuin bilang kapalit ni Arroyo. Ito'y kahit pansamantala o interim na pangulo lamang siya bago ang snap elections. Dahil bulok pa rin ang COMELEC, hindi magiging epektibo ang Drilon transition at snap election. Higit sa lahat, hindi nito mabibigyang representasyon ang mga pwersang nagpatalsik kay Arroyo, lalo na ang mga inaapi at pinagsasamantalahang mga uri at sektor sa lipunan.

Sino-sino ang bubuo ng transition council?

Ang transition council ay bubuuin ng iba't ibang pwersa na kumilos para patalsikin si Arroyo. Maaaring magkaroon ito ng mga kinatawan mula sa iba't ibang partido/grupo ng

- Bigyang prayoridad ang batayang serbisyong panlipunan gaya ng edukasyon, kalusugan, pabahay at kagalingang sosyal kontra sa pambayad-utang at gastos-militar.
- Itigil ang marahas na demolisyon ng maralitang tagalunsod at tiyakin ang kanilang mga batayang pangangailangan gaya ng pabahay at kabuhayan.
- Kagyat na gumawa ng positibong hakbang hinggil sa mga matitingkad na welga at tiyaking natutugunan ang kahilingan ng mga manggagawa.

5. Ipagtanggol ang pang-ekonomiyang soberanya at protektahan ang pambansang patrimonya.
   - Itigil o ibasura ang mga batas tulad ng Mining Act, Oil Deregulation Law, EPIRA at iba pa. Isulong ang isang nagsasariling patakaran sa enerhiya kung saan ang mga likas yaman ay kontrolado ng mga Pilipino.
   - Itigil ang neo-liberal na patakaran at palisiya ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon
   - Protektahan at suportahan ang lokal na prodyuser, lokal na agrikultura at manupaktura, laban sa di pantay na kumpetisyon.
   - Ibangon at palakasin ang lokal na industriya

6. Ipatupad ang pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa.

7. Ipagtanggol ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad at isulong ang nagsasariling patakarang panlabas,
   - Isulong ang isang nagsasariling patakarang panlabas na umaayon sa pambansang interes at respeto sa soberanya at teritoryal na integridad ng ibang bansa
   - Itigil ang todo at bulag na pagsuporta sa US "war on terror"
   - Itigil ang pagsasanay at operasyong militar ng US sa Pilipinas at ipawalang bisa ang VFA at MLSA

demokratikong sektor, kabilang ang mga kinatawan ng kababaihan at mga katutubo. Magsimula ng mga repormang elektoral na magbibigay daan sa isang halalang may kredibilidad sa loob ng makatwirang panahon.



3. Imbestigahan, litisin at parusahan si Arroyo at iba pang matataas na opisyal na kasapakat niya sa pagtataksil sa tiwala ng publiko, panununuhol, pangungurakot at iba pang krimen laban sa sambayanang Pilipino.

4. Maglunsad ng mga hakbangin upang makapagbigay ng agarang kaalwanan sa ekonomiya habang inihahanda ang mga rekisitos para sa isang matatag at nagsasariling ekonomiya.

- Tanggalin ang mga mabibigat na buwis gaya ng Expanded Value Added Tax (E-VAT).
- Ilimita ang pagbabayad ng utang panlabas, kabilang ang pagkakansela ng mga 'di makatwirang utang.
- Itigil ang walang pakundangang pagtaas ng mga batayang prdukto at serbisyo, lalo na ang langis, tubig at kuryente. Tanggalin ang Purchased Power Adjustment (PPA). Itaguyod ang pambansa at makatwirang patakaran sa gamot.
- Itigil ang pagpapaalis sa mga magsasaka at mga katutubo mula sa kanilang mga lupain. Itigil ang *land-use* at *crop conversion.*
- Ipatupad ang P125 dagdag na sahod across-the-board sa buong bansa para sa mga manggagawa. at P3,000 dagdag na sweldo across-the-board para sa mga guro sa pampublikong paaralan, manggagawang pangkalusugan at iba pang kawaning publiko. Ipawalang-bisa ang lahat ng batas na lumalabag sa karapatan ng manggagawa para sa seguridad sa trabaho. Itigil ang kontraktwalisasyon.
- Pangalagaan ang karapatan at kagalingan ng mga migrante.

ligal na Oposisyon, progresibong kilusang masa, mga negosyante, panggitnang saray ng mga propesyunal, at maging mga retiradong militar na maaaring kumatawan sa mga aktibong militar.

Dapat tiyakin ang representasyon ng mga grupong pinaka-aktibo at epektibong lumaban kay Arroyo. Dapat ding magkaroon ng tinatawag na *proportional representation* kung saan ang dami ng kinatawan ay itinatakda ng laki o bilang ng kinakatawan o constituents.

Isinusulong natin na magkaroon ng kinatawan sa transition council ang mga aping sektor tulad ng manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, pambansang minorya at maralitang lungsod. Dapat ding isulong ang representasyon ng mga organisasyong nagdadala ng makabayan at demokratikong plataporma. Sila ang kailangan sa loob ng transition council para maisulong ang mga reporma.

Paano pipiliin ang mga kinatawan ng transition council? Kailan ito bubuuin?

Sa panahong malapit nang mapatalsik si Arroyo, dapat magkaroon ng isang malawak na People's Assembly na ipapatawag ng iba't ibang pwersang anti-Arroyo. Ang People's Assembly ang magbibigay ng mandato para sa itatayong transition council. Ang mga pwersa at personaheng mag-oorganisa ng asembliya ay dapat magbalangkas ng mga alituntunin para sa nominasyon at pagpili ng mga kinatawan ng transition council.

Kailangang tiyakin ang malapad na partisipasyon ng iba't ibang sektor sa People's Assembly. Ang People's Assembly ay dapat ding magtaguyod ng Agenda ng Mamamayan sa panahon ng transisyon.

Hanggang kailan ito iiral? Gaano katagal ang buhay ng transition council?

Ang transition council ay hindi isang permanenteng gobyerno. Ito ay isang porma ng pansamantalang pamamahala habang isinusulong ang mga kagyat na reporma at inihahanda ang panibagong eleksyon. Maaaring tumagal ng minimum na anim na buwan hanggang isang taon ang transition council.

Kahit maihalal na ang bagong pamunuan ng bansa, maaaring manatili ang People's Assembly at

ang transition council bilang ekpsresyon ng nagkakakisang hanay ng mamamayan na magbabantay sa bagong gobyerno.

Ano ang magiging tungkulin ng transition council?

1. Linisin ang kalat na iniwan ng rehimeng Arroyo, kabilang ang mga kaso ng katiwalian, kronyismo, mga maanomalyang kontrata etc. Punuan ang ilang nabakanteng pwesto sa burukrasya ng rehimeng US-Arroyo.
2. Isulong ang mga reporma sa ekonomiya at pulitika, kabilang ang electoral reforms.
3. Maghanda para sa malinis, patas at mapagkakatiwalaang halalan na ituturing ng mamamayan na may kredibidilad. Ilunsad ang mga pagbabago sa COMELEC.
4. Isulong ang pambansang pagkakaisa para sa makabayan at demokratikong reporma.
5. Maaaring magpatawag ang transition council ng isang constitutional convention na magbabalangkas ng konstitusyon na magpapasaklaw sa mga karapatan ng mamamayan at magpapalakas sa mga makabayang probisyon nito.

Ang transition council na ba ang sagot sa malalim na krisis ng bansa?

Dapat kilalanin na ang mga pundamental na problema ng bansa ay malalaking problema na hindi basta-basta malulutas sa bisa lamang ng isa, dalawa o tatlong people power. Kinikilala din natin na dominante pa rin ang bulok na pulitika sa bansa. Malaki ang posibilidad na dominante pa rin ang mga tradisyunal at reaksyunaryong pulitika sa loob ng transition council at minorya lamang ang mga tunay na kinatawan ng mamamayan.

Ang mahalaga ay sa panahon ng pakikibaka at transisyon, makapag-ipon tayo ng ibayong lakas, maisulong ang ilang kagyat na reporma sa Agenda ng Mamamayan, at mapaghandaan ang susunod na mga laban para maisulong ang tunay na pagbabago.

Hangad natin ang isang bansang tunay na malaya, makatarungan at demokratiko. Sinusulong natin ito ngayon, at hanggang sa mapalitan ang rehimeng Arroyo. Mahabang proseso ito. Sa hinaharap, hangad natin ang isang gobyerno na tunay na maglilingkod sa interes ng mamamayan, di lamang ng iilan.#

AGENDA NG MAMAMAYAN PARA SA TRANSISYON

GSM National Launch, September 3, 2005
Quezon City Sports Club

Kami, mga mamamayan, ay muling pinagtitibay ang aming pagtalima sa prinsipyo ng soberanya, kalayaan, hustisyang panlipunan at demokrasya. Sa panahong ito ng matinding krisis, tayo ay hinahamong gumawa ng mapagpasyang hakbang sa pagharap sa mga kasalukuyang problema ng ating bayan.

1. Magkaisa para patalsikin ang rehimeng Arroyo at itayo ang isang transition council na maghahawan ng landas para sa isang bagong gobyerno.

   - Pukawin, organisahin at pakilusin ang malawak na hanay ng mamamayan sa mga aksyong protesta, welgang bayan, civil disobedience at iba pang aksyong masa para ilantad, ihiwalay at patalsikin ang rehimeng US-Arroyo
   - Buuin ang pinakamalapad na hanay ng lahat ng pwersang nagsisikap patalsikin ang rehimeng Arroyo at itayo ang bagong gobyerno ng pambansang pagkakaisa, pagbabago at pag-unlad.
   - Itaguyod at ipagtanggol ang soberanya ng mamamayan, lalo na ang kanilang angking karapatan sa direktang aksyon para alisin ang rehimeng nawalan na ng kredibilidad at tiwala ng bayan.

2. Itayo ang transition council na bubuuin ng mga kinatawan ng iba't ibang pwersang sangkot sa pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo, lalo na ng mga kinatawan ng batayang masa at